Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-10 NG PEBRERO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:05 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 042-T'99

KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KANYANG KAMAHALAN JOSEPH EJERCITO ESTRADA, PANGULO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS, NG HALAGANG LABING TATLONG MILYONG PISO (P13,000,000.00) UPANG GUGUGULIN SA PAGPAPAGAWA NG PAGPAPANIBAGONG-ANYO, PAGPAPALAWAK AT PAGSASA-AYOS NG BAHAY PAMAHALAAN; PAGPAPAGAWA NG "COVERED COURT" AT PAGPAPAGAWA NG BAGONG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN, LAHAT SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA.

SAPAGKA'T, matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na mapangalagaan ang lahat ng mga pag-aari at gamit-paglilingkuran gayundin ay magkaroon ng mga karagdagang pasilidad upang matamo ang isang epektibo at ibayong paglilingkod sa pamayanan;

SAPAGKA'T, bilang isang kapital na bayan sa lalawigan, higit na inaasahan ang tamang pagbabago upang matugunan ang lumalaking bilang ng mga mamamayan at mabilis na pagdagsa ng mga dayuhang mangangalakal na nagbibigay ng malaking bahagi sa pag-unlad ng bayang ito.

SAPAGKA'T, ang Bahay-Pamahalaan ng Santa Cruz na siyang tumutugon sa paglilingkod-bayan ay luma na at lubhang masikip para sa mga naglilingkuran, maging sa pagtanggap sa mga mamamayang nangangailangan ng paglilingkod;

SAPAGKA'T, layunin din ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na makapagpagawa ng "covered court" upang magsilbing lugar sa paglilikas ng mga mamamayan sa panahon ng kalamidad, palaruaan para sa mga kabataan at silbing lugar para sa pangkalahatan at malawakang kapulungan;

SAPAGKA'T, ang pagkakaroon ng bagong Tanggapan ng Sangguniang Bayan ay lubhang kailangan din upang matugunan nang maayos ang mga serbisyong inihahatid nito sa pamayanan;

SAPAGKA'T, lubhang maliit at masikip ang umiiral na Tanggapan ng Sangguniang Bayan para sa lugar-pulungan at pagsasagawa ng mga tungkulin at gawain ng mga kawani ng nabanggit na tanggapan;

SAPAGKA'T, walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna upang maisaalang-alang ang mga nabanggit na proyekto;

**KÚNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa kapakanang pampamayanan, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Edgardo T. Forca at sa pagsang-ayon ng lahat na doo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na hilingin sa Kanyang Kamahalan Joseph Ejercito Estrada, Pangulo ng Republika ng Pilipinas, ng halagang Labing Tatlong Milyong Piso (P13,000,000.00) upang gugulin sa pagpapagawa ng pagpapanibagong-anyo, pagpapalawak at pagsasa-ayos ng Bahay Pamahalaan; pagpapagawa ng "covered court" at pagpapagawa ng bagong tanggapan ng Sangguniang Bayan lahat sa bayan ng Santa Cruz, Lalawigan ng Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kanyang Kamahalan Joseph Ejercito Estrada, Pangulo ng Republika ng Pilipinas, Malacañang, Maynila, Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**ORIGINAL SIGNED**
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

**ORIGINAL SIGNED**
HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ORIGINAL SIGNED**
DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY: W
DATE: 2-16
STA CRUZ, LAGUNA